# KAPASIYAHAN BLG. 2023-66

**"PAG-ALAALA SA PAGDIRIWANG SA IKA-80 ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG BULACAN MILITARY AREA (BMA) SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN SA DARATING NA IKA-14 NG SETYEMBRE 2023."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**
*Pangalawang Tagapangulo*
**Lupon ng Sining Kultura at Turismo**

*Akda ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**
*Tagapangulo*
**Lupon ng Sining Kultura at Turismo**

---

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na kinakailangang pagyamanin ang kultura ng bayan

**SAPAGKA'T,** ang Bulacan Military Area (BMA) ay isang samahang itinatag sa Bayan ng Bustos noong 1943 sa pangunguna ni Heneral Alejo S. Santos, isang anak ng Bustos na naging Heneral, Punong Lalawigan at Kalihim ng Tanggulang Pambansa;

**SAPAGKA'T,** ang Bulacan Military Area (BMA) ay isang Samahan ng mga gerilya sa lalawigan ng Bulacan na kinilala ng Pilipinas sa pamamagitan ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas na naging ambag nito sa kasaysayan ng bansa sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

**SAPAGKA'T,** nararapat na pahalagahan ang kagitingan ng mga kasapi ng Bulacan Military Area (BMA) na nagpalaya sa Lalawigan ng Bulacan laban sa mananakop ng mga hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

**SAPAGKA'T,** maraming Bustosenyo ang nag-alay ng buhay kasama ng iba pang mga Bulakenyo upang makamit ang kalayaan ng bansa;

**SAPAGKA'T,** nararapat na manatiling buhay ang alaala ng mga bayaning Bustosenyo sa pamamagitan ng isang Kapasiyahan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ang pag-alaala sa pagdiriwang sa ika-80 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bulacan Military Area (BMA) sa Bayan ng Bustos, Bulacan sa darating na ika-14 ng Setyembre 2023.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim